Volume 1 | Issue No. 3. | August 2022

# Ibang Klase sa QC

NEWSLETTER



Sa pamumuno ni Mayor Joy Belmonte, kasama ang QC Local School Board at Schools Division Office, patuloy na tinutugunan ng lokal na pamahalaan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral, guro, at paaralan sa ating lungsod. Mula school supplies, tablets, internet, laptops, printers, at iba pa.

Sa kanyang inauguration message, binigyang diin ni Mayor Joy Belmonte na "Excellent and accessible education will always be important to us." Makakaasa ang QCitizens na sa anumang anyo ng pag-aaral, blended learning man o face-to-face, mananatiling prayoridad ang pagbibigay suporta para sa isang inklusibo at dekalidad na edukasyon sa ating lungsod.

## Pagpapatuloy ng Edukasyon sa Lungsod Quezon

**(Impact by the numbers)**

### Scholarship at iba pang Education Assistance Programs

| | | |
|---|---|---|
| 16,632 | Scholars | SY 2020-2021 |
| 4,784 | Education Assistance Beneficiaries | 2019 - 2021 |

### Basic Education Support Programs

| | |
|---|---|
| 250,054 | Tablets and Internet Connectivity |
| 710,371 | Learning Kits |
| 430,438 | Hygiene Kits |
| 6,875,846 | Modules |
| 160 | Duplicator Machines |
| 151 | Photocopier Machines |
| 2 | Dental Vans |
| 5,593 | Laptops |
| 151 | Toners |
| 628 | Drum Kits |
| 225,500 | Reams of bond paper |
| 662 | 3-in-1 printers |
| 6 | Smart learning boards |
| 160 | Internet subscriptions for schools |
| 19,529 | ALS Passers (Completers and Graduates - 2019-2021) |
| 724 | Personnel to support public schools (i.e. Office Aide, Security Enforcer, Librarian Aide, Utility, IT, Driver, HR) |

### Early Childhood Care and Development Program

| | |
|---|---|
| 95,484 | Kindergarten storybooks |
| 96,440 | Books for daycare children |
| 13,200 | Books for daycare centers |
| 24,110 | Handang Magbasa manuals for daycare parents |
| 317 | Handang Magbasa manuals for child development workers |
| 326 | Foot pedal alcohol dispensers, foot mats, and thermal scanners for day care centers |
| 3,260 | Alcohol disinfectants for daycare centers |
| 24,430 | Daycare children received school supplies, hygiene kits, textbooks, medical supplies, and food packs |

### Inclusive Education

| | |
|---|---|
| 300 sets | SPED Assessment Package |
| 60 units | SMART TV for SPED |
| 3,600 sets | ALS Modules |
| 1,735 | ALS K-12 worksheets |
| 6,000 | Reproductive Health Modules |
| 714 | Mental Health Program Manuals for Teachers |
| 8,000 | Madrasah Modules and Supplementary Learning Materials |
| 5 units | Braille embossers |

## QC Palihan

**Aktibong Isip, Aktibong Katawan**

Noong Agosto 2021, inilunsad ng Quezon City Government ang QC Palihan na naglalayong magbigay ng libreng access sa mga online activities upang maging aktibo ang isip at katawan ng mga mag-aaral. Sa tulong ng mga partner organizations, naitampok sa Facebook Page ang mga aktibidad gaya ng sports, dance, arts and crafts, storytelling, teaching reading, local languages, at iba pa. Layunin din nito na maipamalas ang husay at galing ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga paligsahan sa larangan ng pagsayaw, pagguhit, pagbabasa ng kwento, pagsulat ng sanaysay, at iba pa.

Isa sa mga highlight ng proyekto ang mga patimpalak gaya ng Pangaluluwa: Pinoy Halloween Costume Contest na nilahukan ng 172 mag-aaral. May naitampok din na 61 mag-aaral na mga nagwagi sa Palihan Daily Challenges mula sa iba't ibang larangan. Sinusuportahan din ng QC Palihan ang mga campaigns upang maghatid ng mga mahahalagang impormasyon sa QCitizens ukol sa mga aktibidad at proyekto ng lungsod Quezon.



Palihan halloween winners at OCM

## QCU, May Bagong Kurso Para sa Kabataang QCitizen

Dalawang bagong kurso ang handa nang i-offer ng Quezon City University sa pagpasok ng Academic Year 2022-2023 - ang Bachelor of Early Childhood Education (BECED) at ang Bachelor of Science in Management Accounting (BSMA).

Natanggap ng QCU ang Government Permit for First and Second Year Levels of Bachelor of Early Childhood Education Program na ipinagkaloob ng Commission on Higher Education noong Marso 28, 2022 matapos dumaan ang Pamantasan sa masusing pagsusuri ng Komisyon. Inaasahan naman ang paglabas ng permit para sa bagong BSMA program sa mga darating na araw. Dahil dito, magiging pito na ang mapapagpipiliang programa ng mga freshmen students na mag-aaral sa QCU. Kabilang dito ang mga programang BS in Entrepreneurship, BS in Accountancy, BS in Information Technology, BS in Industrial Engineering, and BS Electronics Engineering.

Ang BECED ay naglalayon din tugunan ang kakulangan sa mga guro ng Quezon City partikular sa Pre-School level. Ito rin ay para sa mga nagnanais bumuo ng pundasyon sa mga kasanayang naaangkop para sa mga bata o tinatawag na effective early childhood care and education.

Para naman sa mga interesadong pumasok sa mundo ng business, at nais mag-pursue ng career o trabaho sa management accounting, nararapat naman ang programa na BSMA.

Ang mga bagong kurso na ito ay ilan lamang sa mga hakbang na ginagawa ng Pamantasan upang masiguro na maayos ang kalidad ng edukasyon na natatanggap ng bawat mag-aaral sa QCU.

## Patuloy ang pagtanggap ng mga pampublikong paaralan sa mga enrollees para sa School Year 2022-2023!

Para sa mga nais mag-enroll sa Kindergarten, maaaring mag-enroll ang mga batang edad limang (5) taong gulang na o maglilimang taong gulang bago ang cut off date na October 31, 2022.

Magtungo sa Enrollment Desk ng mapipiling paaralan dala ang dokumentong magpapatunay sa katauhan ng bata na nais i-enroll gaya ng:

- Birth Certificate
- Barangay Certification

Ang School Year 2022-2023 ay nagsimula noong August 22, 2022.

## ALAMIN NATIN

**Narito ang mga kwalipikasyon para sa mga kabataan ng Lungsod Quezon na gustong maging benepisyaryo ng Quezon City Scholarship Program:**

**Mga General na Requirements:**
- Residente ng Quezon City at may QCitizen ID
- Kailangan na enrolled/registered/accepted sa isang recognized educational institution sa panahon ng pag-aapply
- Kailangan hindi nakatanggap ng scholarship grant mula sa ibang Local Government Unit

**Narito naman ang proseso sa pag-apply ng Scholarship:**
- Mag apply para makakuha ng QCitizen ID
- Ihanda ang mga sumusunod na initial requirements:
  - E-copy ng QCitizen ID
  - Proof o patunay na ikaw ay naka enroll/register sa kasalukuyang school year or school term
  - Copy ng mga grades/ Transcript of Records
- Mag apply sa QC e-Services: https://qceservices.quezoncity.gov.ph


Para sa karagdagang impormasyon, maaring sundan ang QCYDO official Facebook page **(https://www.facebook.com/QCYDO).**
Maari rin makipag-ugnayan sa opisina nila sa **7th Floor Commerce Building, Quezon City Hall Compound, Quezon City.**
Ang kanilang mga contact numbers ay **8988 4242 Loc. 8738 , 8707, 8867** at ang kanilang email address ay **qcydo@quezoncity.gov.ph.**

Ibang Klase sa QC
Inilathala ng QC Education Affairs Unit

quezoncity.gov.ph | qceservices.quezoncity.gov.ph | depedqc.ph
QCGov | qcu1994 | depedqc

## Inklusibong Edukasyon sa Quezon City

Kasama sa 14-Point Agenda ni Mayor Joy Belmonte ang pagkakaloob ng dekalidad na edukasyon para sa lahat ng mga mag-aaral sa lungsod, kabilang ang Special Education (SPED), Madrasah, at Alternative Learning System.




Ayon kay Andrea Estrella, isang SPED learner, ang tulong mula sa pamahalaan ay ang nagsisilbing motivation para lalo siyang magtiyaga sa kanyang pag-aaral. Ang lokal na pamahalaan ay nag-turn over ng limang (5) braille embossers at SPED learning materials upang makatulong sa Special Education Program ng DepEd.




Ang lungsod din ay nagbibigay suporta sa labing-siyam (19) na public schools na mayroong Madrasah Education Program para sa ating mga Muslim learners. Lubos ang pagsuporta ng ating lokal na pamahalaan mula sa mga modules at dagdag na monthly allowance para sa ating mga Asatidz o Madrasah teachers. Dahil sa Madrasah Education nakapaguwi ng mga parangal ang magkapatid na sina Al-Nasrah Kasim at Al-Khayder Kasim.

Katuwang ang Development Academy of the Philippines, sinusuportahan din ng pamahalaan ng Lungsod Quezon ang Alternative Learning System - Education and Skills Training o ALS-EST. Ayon kay Jerrylyn Cabil, malaking tulong ang ALS-EST sa kanyang paghanap ng trabaho. Ang lungsod ay naglaan ng pondo para sa ALS modules at allowances ng ating mga ALS teachers.




Ilan lamang ito sa suporta ng lungsod upang maisatupad ang hangad ng lokal na pamahalaan na pantay na oportunidad sa pag-aaral para sa mga kabataang QC. Sa pamamagitan ng edukasyon, nais ng lungsod na ang lahat ng kabataang QC ay magkaroon ng masagana, komportable at malusog na pamumuhay.

## QC LGU, tinutukan ang Pagbabasa at Kalusugan ng mga Mag-aaral!

### Sa Pagbasa nagsisimula ang Pagkatuto, Pag-unlad at Pagbabago.



Bago pa man ang pandemya, isa na sa naging prayoridad ng lokal na pamahalaan ang mga programang magsusulong sa kahalagahan ng pagbabasa. Ito ay bilang pagtugon sa iba't ibang naging pag-aaral ukol sa reading competency ng mga kabataan.

Noong Nobyembre 22, 2021, sa pamumuno ni Mayor Joy Belmonte, inilunsad ang programang Pagbasa Muna!, ito ay isang adbokasiya na naglalayong paigtingin ang kahalagahan ng pagkatutong bumasa ng ating mga kabataan sa murang edad.

Parte ng programang ito ang pamamahagi ng age-appropriate reading materials sa ating daycare centers at mga pampublikong paaralan. Sa kasalukuyan, 95,484 storybooks na din ang naipamahagi para sa Kindergarten at nakatanggap ng tig-apat na storybooks ang mahigit sa 24,000 na mag-aaral na nakaenrol sa ating daycare centers at Supervised Neighborhood Play centers (SNP). Ang 330 daycare centers at SNPs ay nabigyan naman ng tig-40 na big books.



Ang ating mga day care teachers ay nakatanggap din ng training manuals at videos upang paigtingin ang kanilang pagtuturo sa mga mag-aaral ng mga kakayahan at kahandaan sa pagbasa.

Habang ang mga magulang naman ay nakatanggap ng homeschooling manuals at inimbitahan din lumahok sa isang webinar kung saan ibinahagi ang mga kaalaman patungkol sa pag-develop ng literacy skills ng kanilang mga anak.

### Turnover ng 2 Dental Vans

Nag turnover ang pamahalaan ng Lungsod Quezon ng dalawang (2) mobile dental vans sa DepEd Schools Division Office. Sa pangunguna ni Dr. Charlie Dominguez, Head ng Dental Section, umiikot sa mga pampublikong paaralan ang 2 mobile dental clinics upang matugunan ang dental health check at makapagbigay ng dental services sa kabataang QC.




## Paghahanda sa Face-to-Face Classes

Bago pa man ang pag-aanunsyo ng full face-to-face classes sa darating na Nobyembre 2, 2022, binisita nina Mayor Joy Belmonte, District 2 Councilor Aly Medalla, Schools Division Superintendent Dr. Jenilyn Rose Corpuz, at iba pang mga opisyales ng lungsod ang Bagong Silangan Elementary School at Payatas B Annex Elementary School noong 2021. Ang pagbisitang ito ay isinagawa upang masigurong ligtas ang pagbabalik sa face-to-face classes ng ating mga mag-aaral. Sa kabuuan, may 250 na pampubliko at pribadong paaralan sa lungsod ang ininspect at ginabayan ng City Health Department at Department of Buliding Official upang siguraduhin ang pagsunod sa minimum standard health and safety protocols.

Ang lungsod ay naglaan din ng pondo para sa mga kagamitan na kakailanganin ng mga paaralan para sa pagbukas ng pasukan. Maliban dito, nagsagawa rin ng fogging/spraying activites sa ilalim ng Iwas Dengue Program ng lungsod.





## Pagtitibay ng ALS sa lungsod

Noong Abril 20-22, katuwang ang USAID at Education Development Center (EDC) Opportunity 2.0 Program, nagsagawa ng Life Skills Curriculum Training of Trainers sa lungsod na dinaluhan ng 30 ALS Teachers mula sa mga NGO Alternative Learning System (ALS) providers at 20 empleyado ng Public Employment Services Office (PESO). Sa pamamagitan ng training na ito, nais ng lungsod na mapalawak at maparami ang mga ahensya at organisasyon na nagsusulong at nagtuturo ng mga kasanayan na makatutulong sa mga OSYs sa pang-araw araw na buhay




## Pagtatayo at Pagkukumpuni ng mga Pampublikong Paaralan, Patuloy!

Hindi naging hadlang ang pandemya sa pagpapatuloy ng infrastructure projects sa ating mga paaralan. Ayon kay Mayor Joy Belmonte, maaaring gamitin ang mga panahon na wala ang mga mag-aaral sa mga paaralan upang maayos ang mga ito upang siguraduhin na sa kanilang pagbabalik sa paaralan ay mayroon silang safe at conducive learning environment.



Sa taong 2019 hanggang 2021, 99 school infrastructure projects ang nakumpleto. Patuloy na nag-iikot ang mga representatives ng City Engineering Department, QC Education Affairs Unit at Schools Division Office upang malaman ang mga pangangailangan ng ating mga paaralan. Naging prayoridad ang pagkakaroon ng maayos na water and sanitation facilities sa mga paaralan katulad ng installation ng handwashing facilities at rehabilitation ng comfort rooms at drainage system. Bukod dito ay nagsagawa rin ng repair at rehabilitation ng school buildings at upgrading ng mga electrical system.



Ang mga proyektong ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng paglalaan ng pondo mula sa Special Education Fund (SEF) na inendorso ng Local School Board.